International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

**Peer Review Report Form**

| | |
|---|---|
| **Pamagat ng Manuskrito:** | Saloobing Pangwika ng mga Mag-aaral sa Baitang Anim sa Paggamit ng Meranaw sa Asignaturang Filipino: Isang Kaso ng Pag-aaral sa Elementarya ng Bubong Madanding |
| **Uri ng Artikulo:** | Orihinal na Artikulo |

## UNANG YUGTO

### Editor

| **Pangkalahatang Puna** |
|---|
| Kinikilala ng mga tagasuri ang kahalagahan ng inyong manuskrito at inirerekomenda ang mga rebisyon upang higit pang mapabuti ang kalinawan, organisasyon, at pangkalahatang kalidad nito.<br><br>Bukod dito, kinakailangan ninyong magsagawa ng masusing imbentaryo ng mga sanggunian sa inyong manuskrito. Tiyakin na ang mga sangguniang binanggit lamang sa loob ng manuskrito ang nakatala sa seksyong "Mga Sanggunian", gayundin, na ang lahat ng sanggunian ay maayos na nabanggit sa manuskrito. Halimbawa, kung may 20 sangguniang binanggit sa manuskrito, dapat ay 20 lamang din ang nasa seksyong "Mga Sanggunian". Gayunpaman, tandaan na ang paulit-ulit na pagbanggit sa iisang sanggunian sa loob ng manuskrito ay binibilang bilang isang *entry* lamang; kaya maaaring mas mababa ang bilang ng mga entry sa seksyong ito, kumpara sa kabuoang bilang ng *in-text citations*. |

### Tagasuri 1

| **Pangkalahatang Puna** |
|---|
| Ang manuskrito ay tumatalakay sa mahalagang paksa sa larangan ng wikang Filipino, multilingguwalismo, at edukasyong pangwika, lalo na sa karanasan ng mga mag-aaral na Meranaw sa asignaturang Filipino. May malinaw itong kabuluhan dahil inilalapit nito ang usapin ng unang wika, pagkatuto ng Filipino, at MTB-MLE sa aktuwal na karanasan sa silid-aralan. |

| **Tiyak na Puna** |
|---|
| Nailahad ng manuskrito ang kakulangan ng pag-aaral tungkol sa saloobing pangwika ng mga batang Meranaw, ngunit may ilang bahagi ng introduksyon na masyadong malawak ang datos at konteksto. Makabubuting mas tuwirang ipakita kung ano mismo ang hindi pa nasasagot ng mga naunang pag-aaral at paano naiiba ang kasalukuyang papel. |
| Kailangang palakasin ang paliwanag sa metodolohiya. Dahil anim lamang ang kalahok at ang isa sa mga mananaliksik ay guro rin ng mga mag-aaral, mahalagang ipaliwanag nang mas malinaw kung paano iniwasan ang pagkiling sa pangangalap at pagsusuri ng datos. Kailangang |

International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

| |
|---|
| ilahad din kung paano pinili ang mga kalahok, paano pinroseso ang salin mula Meranaw tungo sa Filipino, at paano tiniyak ang pagiging mapagkakatiwalaan ng mga tema. |
| Mayaman ang datos, ngunit kailangan pang palalimin ang pagsusuri. Maraming sipi mula sa mga mag-aaral at guro ang nailahad, ngunit sa ilang bahagi ay tila inuulit lamang ng diskusyon ang sinabi ng kalahok. Mas magiging matibay ang papel kung mas malinaw na iuugnay ang bawat pangunahing tema sa mga konsepto nina Baker, Ruiz, at Cummins, sa halip na banggitin lamang ang mga teorya pagkatapos ng sipi. |
| Kailangang maging maingat sa lawak ng konklusyon. Ang pag-aaral ay nakabatay sa anim na mag-aaral mula sa isang paaralan, kaya dapat iwasan ang malalawak na pahayag na tila kumakatawan sa lahat ng batang Meranaw o sa buong BARMM. Mas angkop na ipakita ang pag-aaral bilang isang malalim na kaso na maaaring magbigay ng mahalagang pananaw, ngunit hindi sapat upang gumawa ng pangkalahatang konklusyon. |

**Mangyaring ipahiwatig ang iyong pasya sa pamamagitan ng pag-tsek sa naaangkop na kahon sa ibaba.**

| | **Pasya** |
|---|---|
| | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. |
| ✓ | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. |
| | Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. |

**Tagasuri 2**

| **Pangkalahatang Puna** |
|---|
| Isang napapanahon at makabuluhang pag-aaral ang inyong isinumite, lalo na sa konteksto ng implementasyon ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) at ng mga masalimuot na hamong kinakaharap ng mga mag-aaral na Meranaw sa yugto ng transisyon patungo sa wikang Filipino. Kapuri-puri ang malalim na paggamit ng mga teoretikal na lente nina Baker (1992) para sa dimensyon ng saloobin at Ruiz (1984) para sa oryentasyon ng wika. Bagama't mayaman ang mga nakalap na kwalitatibong datos, nangangailangan pa ng kaunting pagpapakinis at pag-aayos ang manuskrito upang mas maging malinaw ang lohikal na ugnayan ng inyong mga layunin, interpretasyon, at rekomendasyon. |

| **Tiyak na Puna** |
|---|
| Napakalinaw ng pagkakalantad sa mga research gap, partikular ang kakulangan ng empirikal na datos sa saloobing pangwika ng mga mag-aaral na Meranaw sa Baitang 6. Subalit, upang mas maging matibay ang pundasyon ng inyong papel, iminumungkahi ko na iayon o ihulma ang mismong mga tiyak na tanong sa pag-aaral nang mas direkta sa tatlong dimensyon ni Baker (kognitibo, pandamdamin, at pangkaugalian). Mahalaga ang rebisyong ito upang masigurong ang teoretikal na balangkas na ipinakilala sa introduksyon ay direktang sumasagot sa inyong mga tiyak na katanungan at magtutuloy-tuloy sa inyong tematikong pagsusuri. |

International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

| |
|---|
| Napakaganda ng ginawang triangulasyon ng datos gamit ang tseklist, *Focus Group Discussion (FGD),* pagninilay ng guro, at pagsusuri ng mga sanaysay; nagbigay ito ng mas komprehensibong pagtingin sa karanasan ng mga bata. Dahil anim (6) na mag-aaral lamang ang inyong kalahok gamit ang *purposive sampling* sa isang kasong pag-aaral *(case study),* kailangang linawin at bigyang-diin sa metodolohiya na ang layunin ng pag-aaral ay hindi pagiging pangkalahatan sa buong populasyon, kundi ang makakuha ng malalim at mayaman na kontekstuwalisadong pananaw *(in-depth contextualized understanding)* ng isang ispesipikong penomenon. Gayundin, kapuri-puri ang inyong paglalakip ng mga orihinal na sipi sa Meranaw kasama ang salin sa Filipino sa bahagi ng pagsusuri ng sanaysay nina Mera, Rai, at Nisa. Tiyakin lamang na pormal at pare-pareho ang pormat ng inyong pagsasalin *(glossing)* sa buong dokumento (hal., paggamit ng italics at panaklong) upang mapadali ang pagbasa. |
| Tunay na nagbibigay ng mahalagang ambag ang papel na ito sa pag-unawa ng edukasyong pangwika sa Pilipinas, lalo na't matapang nitong pinatutunayan na ang wikang Meranaw sa konteksto ng asignaturang Filipino ay parehong yaman at hamon na nangangailangan ng balanseng pedagohikal na dulog. Upang mas lalong pakinabangan ng komunidad ng mga guro ang inyong pananaliksik, iminumungkahi kong palawigin pa nang kaunti ang inyong unang rekomendasyon. Magbigay ng isa o dalawang maiikling, tiyak, at kongkretong halimbawa kung paano eksaktong isasagawa ang "balanseng pedagohikal na dulog" (hal., estratehiya sa *scaffolding*) sa loob ng silid-aralan. |
| Maayos ang pangkalahatang transisyon ng manuskrito mula sa ipinakitang kwantitatib na datos (Talahanayan 1 at 2) patungo sa lalim ng qualitative na mga pahayag ng mag-aaral at guro. Gayunpaman, may ilang tematikong bahagi sa Diskusyon na tila nagkakaulit-ulit ang punto. Halimbawa, ang konsepto ng takot at pagkabahala sa purong Filipino ay tinalakay na bilang hiwalay na tema ("Filipino bilang Wika ng Pagkabahala at Takot") , ngunit ito ay lumitaw muli bilang pangunahing punto sa mga bahaging nakatuon sa pagpapahayag ng emosyon at tiwala sa sarili. Ang pagpapasiksik at pag-iisa ng mga temang may magkakahawig na argumento ay makatutulong upang mas maging direkta at malakas ang daloy ng inyong konklusyon. |

**Mangyaring ipahiwatig ang iyong pasya sa pamamagitan ng pag-tsek sa naaangkop na kahon sa ibaba.**

| **Pasya** | |
|---|---|
| | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. |
| ✓ | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. |
| | Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. |

International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

**IKALAWANG YUGTO**

| **Pasya** | **Editor** | **Reviewer 1** | **Reviewer 2** |
|---|---|---|---|
| Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. | / | / | / |
| Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. | | | |
| Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. | | | |